Ako ay kalugud-lugod kapag sumusunod!

PAGPAPAHALAGA

Pagiging Masunurin, Mapagmahal, Magandang kalooban, Kabutihan

SITWASYON NG BUHAY

Mga maaaring pagpilian—

- Isang batang may magandang kalooban, malapit sa puso ninuman.
- Sumusunod ako sa utos ng aking mga magulang dahil alam kong ito ay makababuti sa aming pamilya.
- Ipinagmamalaki ng mga magulang ang mga anak na masunurin at mapagmahal.

PAG-UUGNAY

Ikaw, sampu ng iyong mga kapatid ay itinuturing na kayamanan ng iyong mga magulang. Kinasasabikan ang pagsilang ng bawat isa, at inaaruga upang lumaking masunurin at may mabuting kalooban. Kapag masunurin at mabait ang isang bata, marami ang natutuwa at nagiging malapit sa puso ng lahat ng taong makakasalamuha niya.

Sa Linggong ito, matutunghayan natin ang isang kuwentong maglalarawan kung gaano kamasunurin si Hesus sa Kalooban ng Diyos Ama. Pakinggan nating mabuti ang pagbasa at alamin kung paanong sinunod ni Hesus ang kagustuhan ng Diyos Ama.

Salita ng Diyos: *Lu 2: 41-52*

41 Taun-taon, tuwing Pista ng Paskuwa, ang mga magulang ni Hesus
ay pumupunta sa Jerusalem. 42 At nang labindalawang taon na siya, pu-
maroon sila gaya ng dati nilang ginagawa. 43 Pagkatapos ng pista, sila'y
umuwi na. Nagpaiwan si Hesus sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng
kanyang mga magulang. 44 Sa pag-aakala ng isa na si Hesus ay kasama
ng isa, nagpatuloy sila sa maghapong paglalakbay. Nang malaman nilang
hindi siya kasama, siya'y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at
kakilala. 45 Hindi nila siya matagpuan, kaya't bumalik sila sa Jerusalem
upang doon hanapin. 46 At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Hesus
sa loob ng templo, nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya sa
kanila at nagtatanong; 47 at ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha
sa kanyang katalinuhan. 48 Nagtaka rin ang kanyang mga magulang nang
siya'y makita. Sinabi ng kanyang ina, "Anak, bakit naman ganyan ang
ginawa mo sa amin? Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa paghah-
anap sa iyo." 49 Sumagot siya, "Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi ba
ninyo alam na ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?" 50 Ngunit hindi
nila naunawaan ang pananalitang ito.

51 Siya'y umuwing kasama nila sa Nazaret, at naging isang masu-
nuring anak. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa
kanyang puso. 52 Patuloy na lumaki si Hesus . Umunlad ang kanyang
karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao.

- *Anong kaugalian ang isinasagawa nina Hesus, Maria at Jose taun-taon? (t. 41)*
- *Ano ang ginawa ni Hesus sa loob ng templo? (tt. 46-47)*
- *Ano sa palagay ninyo ang naging damdamin nina Jose at Maria nang malaman nilang hindi nila kasama si Hesus? Hindi mapalagay, nag-aalala*
- *Ano ang ginawa ni Hesus matapos na siya ay mapagsabihan ng kanyang ina? (t.51)*
- *Paano sinunod ni Hesus ang kalooban ng ama? (tt. 46-47)*

TUGON NG PANANAMPALATAYA

Katotohanan

Si Hesus na Anak ng Diyos ay naging bata katulad natin at lumaking masunurin sa kalooban ng kanyang Ama sa langit. Siya ay sumunod sa kalooban ng kanyang Ama mula sa pagkabata hanggang sa kamatayan sa krus (KIK 531-32; KPK 829).

Pagsasabuhay

Tularan natin si Hesus sa kanyang pagiging masunurin sa Diyos Ama. Ipinakita niya sa atin kung paano maging masunurin sa ating mga magulang, mga guro at sa mga nakatatanda (KIK 531-32).

Pagsamba

Ipagdiriwang natin ngayon sa Banal na Eukaristiya ang Kapistahan ng Santo Niño upang ipaalaala sa atin ang kanyang pagiging masunurin sa kalooban ng Ama. Ang Banal na Eukaristiya ang patunay sa pagkamasunurin ni Hesus sa Ama. Siya ay naging masunurin hanggang kamatayan. Inialay niya ang kanyang sarili nang dahil sa pagmamahal sa atin (KIK 1536).

TUGON NG PANANAMPALATAYA

- Sa anong paraan natin maipapakita ang ating pagiging masunurin sa mga magulang, guro, katekista at mga nakatatanda sa atin?

PAGDIRIWANG

- ***Panalangin*** – Kuya Hesus, turuan mo akong maging masunuring bata tulad mo. Amen.
- Misang Pambata

Isasaulo –

Ang batang sumusunod,
mga gusto'y
nasusunod!

829. Nakikita nating magkaugnay kay Kristo ang batas na likas at ang batas ng Diyos. Una sa kanila mismong pagiral: dahil nilikha ng Diyos ang lahat kay Kristo *(Tingnan Jn 1:3; Co 1:16ss)*, si Jesus ang huwaran kapwa ng ating likas na katangiang pantao [batas na likas] at ng lahat ng ating malayang moral na mga pagkilos. Ikalawa, sa pananatili at pag-inog, nagkakaisa sila dahil si Kristo ang pareho nating huling hantungan na likas sa ating likas na katangiang pantao, at ang pamantayan sa ating malayang moral na pagiisip, pagsasalita at paggawa sa ating paglalakbay tungo sa hantungang ito. Ikatlo, sa kasaysayan nakikiisa sila kay Kristo dahil sa pamamagitan ng makasaysayang pangyayari ng Pagkakatawang-Tao, Pagpapakasakit, Pagkamatay at Muling Pagkabuhay, ipinamalas at ginawang tunay ni Kristo ang lahat ng nasabing ugnayan. Pinagtibay ng Diyos kay Kristo ang dangal ng lahat ng tao, ang ating pakikipagkaisa sa Kanya, at ang ating daanan patungo sa Kanya sa pamamagitan ng ating daigdig at mga gawain. Ang katapatan sa tao sa loob ng kasaysayan ay katapatan sa presensya ni Kristo. Samakatuwid, sa wakas, "ang Bagong Batas o ang Batas ng Ebanghelyo ang kaganapan dito sa daigdig ng banal na batas na likas at hayag" *(CCC, 1965).*